# Ano Ang Kailangan Mo Upang Ma-kumpleto Ang Medicare Application Para Makatulong Sa Planong Gastos Ng Mga Gamot Na May Reseta

Magkasamang nagtu-tulungan ang Social Security at Centers para sa Medicare at serbisyo ng Medicaid para makakuha ka ng karagdagang tulong sa mga gamot na may reseta. Upang mapagpasiyahan kung ikaw ay may karapatan para sa karagdagang tulong na ito, ang Social Security ay kailangang malaman ang iyong kinikita at ang halaga ng iyong savings, investments (mga pinuhunan), at real estate (maliban sa iyong bahay). Maaari kang maging karapat-dapat para sa karagdagang tulong kung mayroon kang:

- May hangganang kita (mababa sa $14,355 para sa isang tao o $19,245 para sa mag-asawang naninirahan sa iisang bubong). Kahit na mas mataas ang kita mo taon taon, baka maaari ka pa ring makakuha ng ilang tulong sa iyong mga monthly premium, mga annual deductible, at mga kabahaging bayad ng gamot na may reseta. Ang ilang halimbawa na kung saan ang iyong mag-kasamang kita ay maaaring mas mataas ay kung ikaw o ang iyong asawa ay:
  - —Nagta-taguyod ng ilang mga miyembro ng pamilya na kasama mo sa bahay;
  - —May mga kitang galing sa trabaho; o
  - —Nakatira sa Alaska o Hawaii; at
- May hangganang mga pag-aaring yaman (mababa pa sa $10,000 para sa isang tao o $20,000 para sa mag-asawang nakatira sa iisang bubong). Ang mga hangganan sa pag-a-aring yamang ito ay maaaring mas mataas kaunti (karagdagang $1,500 bawat tao) kung gagamitin mo ang bahagi ng pag-a-aring yamang ito para sa mga gastusing pangpalibing.

## Ano ang kailangan mong malaman

Kilalanin ang mga sarili mong gamit, gamit ninyong mag-asawa o gamit mo at ng sino man, ngunit **huwag** isama ang iyong tahanan, mga sasakyan, mga lupang paglilibingan o kaya mga personal na ari-arian mo.

Suriin ang lahat ng iyong kinita.

Paunang tipunin ang lahat ng iyong mga talaan para makatipid sa oras.

Paka-tandaan na ang worksheet na ito ay **hindi** isang application. Makakatulong itong worksheet sa iyo sa pagkumpleto ng tunay na application para sa karagdagang tulong.

## Mga kasulatang makakatulong sa iyo sa paunang paghahanda kasama ang :

- Mga pahayag na nagpapakita ng account balance mo sa mga bangko, mga credit union o ibang mga financial institution;
- Mga pahayag ng investment (pinuhunan);
- Mga pahayag ng life insurance policy;
- Mga katibayan ng stock ;
- Mga tax return;
- Mga sulat tungkol sa pagkagawad ng pension; at
- Mga payroll slip.

## Pagkontak sa Social Security

Kung kailangan mo ng application form, makipag-alam sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) at hilingin ang *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (*Medicare Application Na Tulong Para Sa Planong Gastos Ng Mga Gamot Na May-reseta*) (SSA-1020). Simula sa ika-isa 1 ng Hulyo 2005, makakapag-apply ka na ng online sa ***www.socialsecurity.gov***.

Kung gusto mong matututunan ang tungkol sa maraming plano ng gamot na may reseta ng Medicare, tumawag lang sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**) o bumisita sa ***www.medicare.gov***.

***Mangyaring magpatuloy sa kabilang panig ng pahina upang kumpletohin ang worksheet.***

(kabila)

Kailangan naming malaman ang impormasyon tungkol sa mga kinita at pagaaring yaman mo (at ng iyong asawa, kung nakatira kayo sa iisang bubong):

| Mga Pag-aari | Halaga |
|---|---|
| Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga katibayan ng deposit | $______ |
| Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, mga account ng pagreretiro para sa isang tao(mga IRA) o ibang mga investment (pinuhunan) | $______ |
| Pera sa tahanan o kahit na nasaang lugar | $______ |
| Mga life insurance policy para sa iyo (at sa iyong asawa, kung naninirahan kayo sa iisang bubong) | $______ |
| ***PAGPUNA:*** *ang Social Security ay gustong malaman kung magkano ang makukuha mong pera* ***kung sa ngayon ay i-cashed in mo ang iyong life insurance policy****. Magsiyasat sa kompanya ng iyong insurance o sa iyong agent upang makuha mo ang wastong cash value nito. Ito ay siguradong mas kaunti kaysa sa halagang ikaw ay naka-insured for.* | |
| Alin mang ibang real estate maliban sa iyong tahanan | $______ |

| Kinikita | Buwanang Halaga |
|---|---|
| Railroad Retirement | $______ |
| Veterans benefits | $______ |
| Iba pang mga pension o annuities | $______ |
| Alimony | $______ |
| Net rental income | $______ |
| Workers' compensation | $______ |
| Tulong na galing sa ibang tao upang mabayaran ang mga gastos sa tahanan, tulad ng pagkain, mortgage o renta, heating fuel o gas, koryente, tubig at mga property tax | $______ |
| Mga sinasahod | $______ |
| Mga netong kita mula sa trabahong pansarili | $______ |
| Iba pang mga kita | $______ |

Ikaw ay maaaring pumili ng sino mang makakatulong sa iyo kapag maki-kipag-talakayan ka sa Social Security. Maki-kipag-tulungan kami sa taong ito na katulad ng paki-kipag-tulungan namin sa iyo.

w w w . s o c i a l s e c u r i t y . g o v

SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION USA

**Social Security Administration**
SSA Publication No.05-10128-TA
What You Need To Complete The Application For Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs (Tagalog)
April 2005